Republic of the Philippines
Department of Education
Region IX, Zamboanga Peninsula
**SCHOOLS DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE**
Capitol Drive, Estaka, Dipolog City, 7100

Tel No.: (065) 212-5843 e-mail address: zn.division@deped.gov.ph

RECORDS SECTION
DepEd, Division of Zambo. Norte
No: ______
JUN 0 8 2020 By: ______
RELEASED

Division Advisory No. 038, s. 2020
June 8, 2020
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(*Visit www.depedzn.net*)

**KANSELASYON NG PROGRAMA AT TIMPALAK PARA SA BUWAN NG WIKA 2020**

Kaugnay sa email na natanggap ng Opisina Ng Sangay Ng Zamboanga del Norte mula sa Komisyon Ng Wikang Filipino (KWF) ay nais ipabatid sa mga kinauukulan ang **KANSELASYON NG PROGRAMA AT TIMPALAK PARA SA BUWAN NG WIKA 2020** dahil sa kasalukuyang sitwasyon sa ngayon.

Ang mga ipinagpalibang mga programa at timplak pangwika ay ang mga sumusunod:

1. KWF Travelling Exhibit 2020
2. KWF Kampeon ng Wika 2020
3. iKabataan Ambasador sa Wika 2020
4. Gawad Jacinto sa Sanaysay 2020
5. Tertulyang Pangwika Grant; at
6. Pamadayaw

Kalakip ng advisory na ito ang malalimang pagsasalaysay ng mga ipinagpalibang mga timpalak pangwika mula sa Komisyon ng Wikang Filipino at poster hinggil sa mga naturang patimpalak.

Para sa karagdagang kaalaman tunghayan ang *link* na http://kwf.gov.ph/kwf-ipinagpaliban-ang-mga-timpalak-pangwika-ngayong-2020/.

**MA. LIZA R. TABILON EdD, CESO V**
Tagapamanihala Ng Sangay

ADS/Kanselasyon Ng Programa At Timpalak Para Sa Buwan Ng Wika 2020/DA003-2020/Hunyo 8, 2020

**KWF, ipinagpaliban ang mga timpalak pangwika ngayong 2020**

Ipinagpaliban ng Komisyon sa Wikang Filipino ang mga timpalak pangwika (bukod sa Sanaysay ng Taón) ngayong 2020 bílang pagtalima sa National Budget Circular. No. 580. s. 2020 ("ADOPTION OF ECONOMY MEASURES IN THE GOVERNMENT DUE TO THE EMERGENCY HEALTH SITUATION") partikular na sa Seksiyon 1.3 *Relative thereto, R.A. No. 11469 Section 4(v) directed the discontinuance of appropriated programs, projects or activities of any agency of the Executive Department, in the FYs 2019 and 2020 General Appropriations Acts (GAAs), including unreleased appropriations and unobligated released allotments.*

Kabilang sa ipinagpaliban ay ang KWF Kampeon ng Wika 2020, KWF Dangal ng Wika 2020, iKabataan Ambasador sa Wika 2020, KWF Gawad Jacinto sa Sanaysay 2020, KWF Travelling Exhibit 2020, Tertulyang Pangwika grant, at Pamadayaw.

Matatandaang upang mabawasan ang panganib ng posibleng pagkakalantad sa COVID-19, itinagubilin ng Kagawaran ng Kalusugan na:

"With the ongoing threat of the spread of Coronavirus (2019-nCoV ARD), the Department of Health strongly urges the public to avoid attending, participating in, and organizing events that draw a huge number of attendees. The DOH likewise recommends the cancellation of such planned big events or mass gatherings until further advice."

Nitong nakaraang taón, itinanghal na KWF Kampeon ng Wika 2019 sina Dr. Michael M. Coroza, Dr. Galileo S. Zafra, Dr. Mario I. Miclat, at Joaquin Sy dahil sa kanilang hindi matatawarang kontribusyon sa larang ng wika, panitikan, araling kultural, at pagsasalin.

Ang KWF Gawad Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwal, institusyon, o samahan na patuloy na bumubúhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

Pinarangalan din nitóng nakalipas na taón si Dr. Teresita V. Ramos bílang KWF Dangal ng Wikang Filipino, ang pinakamataas na parangal ng KWF pára sa mga tagapagtaguyod at pagsusulong ng wikang Filipino. Isinulong niya ang Filipino sa larang ng edukasyon sa University of Hawaii at naging awtor ng mahigit 20 aklat pangwika na ginamit sa akademya.

Kabilang ang **iKabataan Ambásadór sa Wika o iKAW** sa ipagpapaliban sa taóng ito. Ito ay timpalak na nagnanais na hamunin ang mga kabataang Filipino na manguna at maging aktibong tagapangalaga at tagapagtataguyod ng mga katutubong wika sa bansa.

Ipagpapaliban din ang KWF Gawad Jacinto sa Sanaysay pára sa taóng ito. Layunin ng timpalak na ito na maitampok ang husay ng mga kabataang násа baitang 7 hanggang 11 sa pagsulat ng sanaysay.

Sa kabila ng pandemya, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamumuno ni Dr. Arthur P. Casanova ay patuloy na magsasagawa, mag-uugnay, at magtataguyod ng mga pananaliksik para sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at ng iba pang mga wika sa bansa.

http://kwf.gov.ph/kwf-ipinagpaliban-ang-mga-timpalak-pangwika-ngayong-2020/


KANSELASYON NG PROGRAMA
AT TIMPALAK PARA SA
BUWAN NG WIKA 2020
Kabataan Ambasador sa Wika 2020
Timpalak Jacinto sa Sanaysay 2020
Kampeon ng Wika 2020
Dangal ng Wika 2020
KWF TRAVELLING EXHIBIT 2020
Tertulyang pangwika grant
Pammadayaw